



# IWASAN ANG SUNOG

## PAG-IWAS SA SUNOG SA BAHAY

MGA ALITUNTUNIN SA KALIGTASAN

Filipino Version

Para sa mga katanungan o reklamo tungkol sa mga peligro sa sunog maaring tumawag sa

**2723 8787**

o makipag-ugnayan sa alinmang istasyon ng bumbero

# PAG-IWAS SA SUNOG SA TAHANAN

MGA ALITUNTUNIN SA KALIGTASAN

Jointly produced by the Fire Services Department
and the Information Services Department
Cover photograph provided by Apple Daily

## Panimula

Ang Hong Kong ay isang lungsod na may makapal na populasyon na kung saan kakikitaan ng masinsing pagtatabi-tabi ng mga gusali. Kapag nagsimula ang isang sunog, ito ay madaling kakalat, na magiging sanhi ng isang napakalaking sakuna. Kahit pa sabihing mayroon kaming mga bihasang fire brigade na may mga modernong fire appliance at kagamitan upang makatulong sa pagbawas ng bilang ng mga nawawalang buhay at ari-arian bawat taon ay maraming bilang pa rin ng mga aksidente ng sunog ang sanhi ng mga tao sa kanilang mga tahanan dahil sa kapabayaanan o kawalan ng alam sa mga pangunahing mga pag-iingat pangkaligtasan. Ang mga sunog na ito ang kadalasang sumisira sa mga tahanan at nagdudulot ng mga nakalulunos na pagkawala ng mga kasapi ng pamilya at ari-arian. Upang mapangalagaan ang mga buhay at ari-arian, dapat tayong maging alerto sa lahat ng mga posibilidad sa peligro sa sunog at makakuha ng mga paraan sa pag-iwas upang maging ligtas ang ating tahanan.



## Mga Babalang Pangkaligtasan sa Tahanan

Ang mga sumusunod na mga talata ay naglalarawan nang detalyado sa mga hakbang na iyong dapat gawin upang mapangalagaan ang iyong tahanan mula sa sunog sa mga lugar kabilang ang sala, kusina, silid-tulugan, banyo, pasilyo, hagdanan, bubong, atbp, at lahat ng mga item na maaring maging peligro ng sunog. Maari mong mapangalagaan ang iyong tahanan at ari-arian mula sa sunog kung susundin mo ang mga pamamaraan sa pag-iwas.



# Mga Sala


Dapat pagtuunan ng espesyal na pansin ang mga nakakabit na kagamitan, mga kurtina at mga kasangkapang tinakipan ng tela at kagamitang de-kuryenteng nakalagay sa sala.

## Kasangkapang gawa sa gomang foam o binalutan ng tela

Dapat gamitin ang ashtray habang naninigarilyo sa isang sofa o isang upuan. Huwag iiwan ang mga upos ng sigarilyo sa sofa o upuan. Dapat pagtuunan ng espesyal na pansin ang gomang foam o mga sofang may nakakabit na tela o mga upuan sapagkat ang mga ito ay mabilis masindihan ng sindidong dulo ng sigarilyo, na magiging sanhi ng isang sunog at maglalabas ng mga nakalalasong gas at usok.

### Mga Posporo at Lighter

Itago ang mga posporo at lighter ng sigarilyo sa hindi maaabot ng mga bata.



### Mga Ashtray

Ang mga ashtray ay kinakailangang may inam na kalakihan, may maayos na hugis upang maiwasan ang paggulong ng mga sigarilyo mula rito papunta sa sahig o ang ibang mga madaling masunog na mga bagay na magiging sanhi ng isang sunog. Ang mga sindidong mga bagay na nahihitit ay dapat laging patayin nang husto bago itapon.

### Mga Set ng TV at Radyo

Maglaan ng sapat na lugar sa likod ng set ng iyong TV at radyo at huwag harangan ang mga bukasan ng bentilasyon upang maiwasan ang pagsisimula ng panloob na pag-init. Higit na makabubuting hugutin sa pagkakasaksak mula sa outlet ng kuryente kapag hindi ginagamit.

### Mga Air-conditioner

Bago makapagkabit ng isang air-conditioner, suriin muna ang grado ng kuryente nito upang matiyak na ito ay hindi makapagkarga ng higit pa sa kasalukuyang sirkito. Ang baradong pansala ay magiging sanhi ng isang nasobrahang pagkarga ng motor. Kung gayon, siguraduhing regular na napapangalagaan at nalilinis ang iyong air-conditioner.

## Mga kasangkapang de-kuryente at sirkito ng kuryente

Pumili ng mga pinagtibayang aparatong de-kuryente. Bigyang-pansin ang mga sirkito ng kuryente at ang proteksyon ng sirkito. Iwasan ang pagkakarga nang sobrang mga sirkito ng kuryente at pagkukonekta ng higit pa sa isang adapter sa parehong saksakan ng kuryente. Gayundin, huwag magkonekta ng sobrang dami ng mga plug sa parehong saksakan. Huwag gumamit ng mga saksakan ng kuryente na may mga bitak, mga senyales na mag-o-overheat (hal. pagbabago ng kulay, nangitim dahil sa pagkasunog o pag-iba ng hugis) o pagluwag.

Kung ang isang fuse ay pumutok o ang isang breaker ng sirkito ay nasira, maaaring napakaraming mga aparato ang tumatakbo sa isang sirkitong iyon. Kung walang tumatakbong aparato at ang isang fuse ay pumutok o nasira ang isang sirkito, malamang na may isang pagkakamali sa pagkukordon, na dapat maimbestigahan nang walang antala ng isang kwalipikadong electrician.



## Pagkukordon ng Kuryente

Ang mga kordon ng extension at ang mga kordon ng lampara at ng mga aparato ay hindi dapat inaabuso. Iwasang ilagay ang mga ito kung saan sila maaring maging sagabal sa mga paa o sa bigat ng kagamitan. Huwag padaanin ang mga ito sa ilalim ng mga basahan at carpet. Palaging hawakan ang mga power point, mga switch at plug nang tuyo ang mga kamay. Ugaliing regular na suriin ang lahat ng mga instalasyon, o ipasuri ng minsan man lang sa isang taon.

## Mga pasilidad sa pag-iilaw

Inspeksyunin nang regular ang mga nakapirming instalasyong pangkuryente para sa pagpapailaw upang masiguro na ang mga ito ay ligtas sa pagkakamali at nasa kaayusang pantrabaho. Kung may mapapansing abnormalidad sa kundisyon sa anumang instalasyong pang-ilaw, tulad ng pag-o-overheat, pagkurap, hindi nakapirming pagsilaw, atbp., i-off ito at tumawag sa isang nakarehistrong manggagawa ng kuryente upang masiyasat ito. Ang mga instalasyong pang-ilaw na hindi ginagamit ay kailangang i-off, habang ang mga ginagamit naman ay dapat ilayo sa mga bagay na mabilis magliyab at dapat hayaang unti-unting mawala ang init.



## Mga bowl ng isda

Ang mga pambomba ng tubig at pansala sa loob ng mga bowl ng isda ay dapat linisin nang regular upang maiwasan ang sunog na sanhi ng pag-o-overheat o pagkasira ng sirkito.





## Mga Kusina

Ang kusina ay ang lugar kung saan nakatabi ang mga langis, posporo at mantikang panluto. Ang malaking bilang ng gas at mga aparatong de-kuryente at mga substansyang mabilis sumabog na nakatabi sa kusina ay ang mga kadahilanan kung bakit ito ay madalas pagsimulan ng aksidente higit sa anupamang lugar sa loob ng tahanan. Kung gayon, dapat na mas alerto ka kapag ikaw ay nagtatrabaho sa kusina upang makaiwas sa sunog at mapangalagaan ang mga buhay ng mga kasapi ng iyong pamilya.

### Sa paligid ng kalan

Siguraduhing walang kalat ang kalan tulad ng mga kalat na papel at iba pang mga mabilis lumiyab. Dapat na linisin nang regular ang kalan upang maiwasan ang pagdami ng mantika.

### Langis

Itabi nang maayos ang mga panlutong langis tulad ng liquefied petroleum gas at kerosene (hindi hihigit sa isang lalagyan sa lahat ng panahon) nang malayo sa kalan at sa mga mapagkukunan ng init. Huwag lalagyan ang kalang de-gaas o heater kapag ito ay tinatanggal. Dapat itabi ang gaas sa sisidlang metal na isinara nang mahigpit.

### Pagluluto

Mag-ingat kapag nagluluto. Maging alisto sa mga pagkasunog at pagpapakulo. Huwag iwanan ang niluluto, lalo na ang mga kawali ng mga taba o mantika. Suriin at linisin nang regular ang lahat ng iyong kalan.

### Mga aparatong de-gas

Ang pag-iinstala ay dapat isagawa ng kwalipikadong mga technician. Siguraduhing nahahanginan ang lugar. Kung iyong hinihinala na may tagas ang gas:


- Patayin ang lahat ng mga nakalantad na apoy
- Huwag gamitin ang telepono o patakbuhin ang anumang switch ng kuryente.
- Buksan nang maluwag ang lahat ng mga bintana at pintuan upang mapaalis ang lahat ng gas.
- Huwag hawakan ang mga aparatong de-gas kung sakaling aksidenteng napatakbo ang switch ng ignition. Sa halip, i-off ang nagtutustos ng gas sa switch ng regulator ng pressure. Tanggalin sa pagkakakonekta ang regulator mula sa cylinder kung possible.

- Kung malala ang pagtagas ng gas, o kung hindi ka sigurado sa anupamang dahilan, lisanin agad ang lugar at sabihan ang iyong mga kapit-bahay na umalis, ngunit huwag pumindot ng anumang mga doorbell. Lisanin ang gusali gamit ang hagdan, idayal ang 999 at ipaalam sa Fire Services Department, at tumawag sa numerong pangkagipitan ng iyong tagapagtustos ng gas.
- Huwag ikonektang muli ang cylinder ng gas hangga't ang lahat ng kinakailangang mga hakbang ay naisagawa upang makaiwas sa pagsingaw na muli ng gas.
- Ang pag-i-instala ng iyong gas, kabilang na ang cylinder ng gas at mga aparato, ay hindi na muling magagamit hanggang ito ay masuri ng kumpanya ng iyong tagatustos ng gas para sa iyong kaligtasan.



## Mga refrigerator

Ang pangunahing peligro sa sunog nakasalalay sa pagpapabaya sa isang matinding pag-iipon ng alikabok at ang lint sa motor, compressor, fan at mga coil. Tulad ng isang resulta sa pag-o-overload at posibleng pagkasira, may sunog na posibleng kumalat sa naka-foam na plastic insulation sa loob ng mga dingding ng yunit at iba pang pagkakabuong plastic. Tanggalin sa saksakan ang refrigerator at alisin ang alikabok mula sa lugar ng compressor ng motor sa regular na agwat. Ang mas matatandang mga refrigerator na nagpapalabas ng hangin sa likod ay dapat ilayo sa dingding upang mahayaan ang walang rendang daloy ng hangin.



## Pamamalantsa

Ang sobrang pag-init ng mga naiwanan at nalimutang mga plantsa ay kadalasang nakakasunog ng mga damit at pagkagayon ay nagiging mapanganib, lalo na kung ang plantsahan ay gawa sa kahoy o nababalutan ng tela.

## Mga Aerosol spray

Ang aerosol spray ay inimpake sa isang sisidlang puno ng pressure na maaring sumabog kung nakalantad sa sobrang init.

- Huwag gumamit ng sobrang dami ng pesticide.
- Huwag i-spray nang malapit sa hantad na apoy o iba pang panggagalingan na madaling magliyab.
- Huwag maglagay ng mga aerosol spray nang direkta sa init ng araw o malapit sa anumang panggagalingan ng init.
- Palaging panatilihin ang mga aerosol spray sa malamig at tuyong lugar.





## Nasusunog na mga joss stick at papel ng joss

Ang mga joss stick at papel ng joss ay dapat sunugin sa loob ng metal na sisidlan, iwas sa mga mabilis sumabog tulad ng mga kalat na papel at kahon na karton. Ang lahat ng abo ay dapat mapatayan muna ng apoy bago maitapon.

## Mga silid-tulugan

Ang karamihan sa mga kamatayan sa sunog-pambahay ay nagaganap sa silid-tulugan. Karaniwang nangyayari ang mga sunog sa gabi kapag nakapunta na sa kama ang pamilya. Minsan ang mga tao ay nasusukol at namamatay sa pagkasunog, Ngunit ang nakararami ay namatay dahil sa asphyxia (o pagkakapos ng hininga) dulot ng usok at mga gas. Dahil madaling masunog ang mga kasangkapan, mga damit, kurtina at mga kubre-kama sa loob ng silid-tulugan; ang mga babala sa pag-iwas sa sunog sa loob ng silid-tulugan ay hindi dapat ipinagwawalang-bahala.

### Mga upos ng sigarilyo

Huwag manigarilyo sa kama. Ang mga kutson ay maaring masunog dahil lamang sa isang sindidong sigarilyo. Tanggaling maigi ang apoy ng upos ng iyong sigarilyo bago itapon ang mga ito sa ashtray.

### Mga heater

Huwag ilagay nang malapit sa mga kama ang heater, sa mga settee, o mga upuan. Huwag patuyuin ang iyong damit sa ibabaw ng iyong heater. Siguraduhing nakalagay nang maayos ang heater at hindi madaling malaglag.

### Mabangong Langis

- Karamihan ng mga mababangong langis (essential oils) ay madaling mag-apoy. Huwag mag-imbak ng malalaking lalagyan ng mga mabangong langis. Ilayo ito sa direktang sikat ng araw at huwag hayaang maabot ng mga bata.
- Kapag gumagamit ng makina na nagbubuga ng usok ng kumukulong tubig(vaporizer), panatilihing may pumapasok at lumalabas na hangin sa silid. Huwag maglagay ng vaporizer na gumagana gamit ang apoy sa tabi ng mga bagay na maaaring masunog at huwag rin itong ilagay sa lugar na may malakas na hangin. Huwag iwanan ang vaporizer na walang nagbabantay. Patayin ang apoy bago magdagdag ng langis. Huwag gumamit ng vaporizer na may lamat o krak sa anumang bahagi nito.
- Huwag magdagdag ng labis na tubig sa de-kuryenteng vaporizer dahil maaaring mabasa ang labas nito at ang kurdon na nakasaksak sa kuryente kapag umapaw ang tubig.




### Suriin ang paligid bago matulog

- Isara ang mga pintuan ng kusina, sala at silid-tulugan. Ito ay makakaiwas sa pagkalat ng apoy kapag ito ay naganap habang ikaw ay natutulog.
- Siguraduhin na ang lahat ng mga aparatong de-gas at mga kalan na ginagamitan ng kerosene ay naka-off at napatay ang mga sigarilyo.
- Siguraduhing naka-off o nakatanggal sa saksakan ang lahat ng mga aparatong de-kuryente tulad ng mga radio, telebisyon at maliit na heater.

## Bubong

Siguraduhing ang mga pintuan palabas ng bubong ay mabubuksan agad at magaan, mula sa loob, nang hindi nangangailangang gamitan ng isang susi.

Panatilihing walang sagabal ang mga bubong. Maaring itong maging pansamantalang lugar ng kaligtasan sa pagkakataong magkasunog.



## Mga Protektadong Bulwagan

Panatilihing nakasara ang mga pintuang sumasara nang kusa sa mga protektadong mga bulwagan.

## Mga hagdanan

Panatilihing walang sagabal ang mga hagdanan. Tandaang ang hagdanan ang pinakamahalagang paraan ng pagtakas sa panahon na may sunog.



## Mga Lift o Elevator

Huwag gumamit ng mga lift o elevator kung hinihinalang may isang sunog sa loob ng gusali.

## Mga Pintuan at Tarangkahan

Ang mga tarangkahang gagamitin ay ang sliding na uri dapat upang hind imaging sagabal sa pasilyong gamit ng lahat, balkonahe o hagdanan kapag ito ay nakabukas.






## Dekorasyon

Kapag panahon ng pagdedekorasyon, panghawakan nang buong ingat ang pintura, thinner o iba pang mga likidong madaling magliyab, lalo na kung humahawak ng mga likidong madaling magliyab na mayroong mataas na pagsingaw.

Huwag magtabi ng mga mabilis magliyab na mga bagay tulad ng petrol, gaas at thinner, atbp, kung hindi kinakailangan. Huwag magtabi ng mga bagay na mabilis magliyab nang sobra sa kinakailangang dami sa mga lugar na hindi naitalagang lalagyan ng mga mapanganib na produkto.

Pagkatapos magpakintab gamit ang polyurethane, buksan ang lahat ng mga bintana upang mabawasan ang mga gas na mabilis magsiklab na naipon sa loob ng bahay bago i-on ang power o gumawa ng apoy.

## Mga Nailagay na Pamatay-Apoy



Tiyakin na alam ng mga miyembro ng iyong pamilya ang paggamit ng mga inilagay na pamatay-apoy na nailagay sa inyong gusali, hal. mga extinguisher, rolyo ng hose atbp.

Kailangan ninyong gamitin ang mga nailagay na pamatay-sunog sa ilalim ng ligtas na kondisyon at tangi lamang kung ikaw ay kampanteng gumamit nito. Ang paggamit ng mga nailagay na pamatay-apoy ay hindi dapat magpa-antala sa iyong pagtakas.

Ang lahat ng mga nailagay na pamatay-apoy ay kailangang mainspeksyon ng isang nakarehistrong kontratista nang kahit minsan man lamang sa bawat 12 na buwan at dapat na maayos kaagad kung may sira. Ang mga extinguisher ay karaniwang ginagamit sa pagsugpo ng mga maliliit na apoy.

Ang mga sumusunod ay ilan sa mga karaniwang uri ng mga extinguisher o pamatay ng apoy at fire blanket o kumot na pagsugpo ng apoy at ang kanilang gamit:



## 1. Carbon Dioxide na Uri ng mga Extinguisher

Gamit: Sa mga apoy sanhi ng kuryente, madaling magliyab na likido, delikadong kagamitan, importanteng dokumento o sunog sa nakulong na lugar.

Tandaan: Nakakamatay sanhi ng labis na pagkalanghap ng mga singaw at kakulangan ng hangin o asphyxiate. Lumabas sa may hangin pagkatapos gamitin.


Pamamaraan ng Paggamit:

a. Dalhin ang fire extinguisher sa pinanggagalingan ng apoy o pinakababang dulo ng apoy at manatili sa ligtas na layo.

b. Hilain ang safety pin ng operating handle o hawakan para simulan ang pagpapabuga, at itutok ang dulo ng discharge horn o ng bugaan sa nasusunog na bagay.

c. Pisilin ang hawakan para simulan ang pagpapabuga at bubukas ang control valve o pangkontrol na pihitan. Sisingaw ang likidong carbon dioxide sa bugahan at kakapal, at maibubuga sa bugahan patungo sa pinakamabababang dulo ng apoy, tinatakpan o sinusuklaban ang nasusunog na bagay.

d. Pagkatapos na mapatay ang apoy, paluwagan ang pagkakahawak ng hawakan upang ihinto ang pagbuga ng gas.



## 2. Tubig na Uri ng mga Extinguisher




**Gamit:** Sa mga apoy na kaugnay ng mga kahoy, tela at papel.

**Huwag na huwag:** Sa mga sunog na kaugnay sa kuryente o mga madaling lumiyab ng mga likido o metal.


Pamamaraan ng paggamit:

a. Dalhin ang fire extinguisher sa pinanggagalingan ng apoy o pinakababang dulo ng apoy at manatili sa ligtas na layo.


b. Hilain ang safety pin, at itutok ang dulo ng nozzle sa nasusunog na bagay.

c. Pisilin ang hawakan para simulan ang pagpapabuga. Para sa gas cartridge na uri ng mga extinguisher, ang lalagyan o cartridge ng gas ay bubutasan ng striker. Pagkatapos ay sisingaw ang carbon dioxide, at sabay na bubukas ang pangkontrol na pihitan. Para sa mga stored-pressure na uri ng mga extinguisher, bubukas din ang pangkontrol na pihitan, at ang tubig sa tangke ay mapupuwersang ilalabas sa nozzle. Ang nozzle ay maaaring ayusin upang maitutok ang puwersa ng tubig sa pinakaugat ng apoy upang palamigin ang nasusunog na bagay.

d. Pagkatapos masugpo ang apoy, paluwagan ang pagkakahawak sa hawakan upang ihinto ang pagbuga ng gas.






## 3. Tuyong pulbos (o dry powder) na uri ng mga Extinguisher (gas cartridge/stored pressure)

Gamit: Sa karamihan ng mga apoy, sa madaling lumiyab na likido, apoy ng metal o sunog kaugnay ng kuryente.

Pamamaraan ng paggamit:

a. Dalhin ang fire extinguisher sa pinanggagalingan ng apoy o pinakababang dulo ng apoy at manatili sa ligtas na layo.

b. Hilain ang safety pin ng o hawakan para simulan ang pagpapabuga, at itutok ang nozzle sa nasusunog na bagay.

c. Pisilin ang hawakan para simulan ang pagpapabuga. Para sa gas cartridge na uri ng mga extinguisher, ang lalagyan ng gas ay bubutasan ng striker. Sisingaw ang carbon dioxide, at kasabay na bubukas ang pangkontrol na pihitan. Para sa stored-pressure na uri ng mga extinguisher, ang pangkontrol na pihitan ay bubukas rin. Sa parehong kaso, ang tuyong pulbos na nakalagay sa tangke ay awtomatikong ibubuga sa pamamagitan ng nozzle. Iayos ang nozzle upang ang tuyong pulbos ay nakatutok sa pinakamababang dulo ng apoy upang takpan o suklaban ang nasusunog na bagay.

d. Pagkatapos na mapatay ang apoy, paluwagan pagkakahawak ng hawakan upang ihinto ang pagbuga ng tuyong pulbos.



## 4. Clean Agent na Uri ng mga Fire Extinguisher

Gamit: Sa mga apoy na kaugnay ng kuryente, nasusunog an likido, delikadong kagamitan, importanteng dokumento.


Pamamaraan ng Paggamit:

a. Dalhin ang fire extinguisher sa pinanggagalingan ng apoy o pinakababang dulo ng apoy at manatili sa ligtas na layo.

b. Hilain ang safety pin, at itutok ang dulo ng nozzle sa nasusunog na bagay.

c. Pisilin ang hawakan para simulan ang pagpapabuga at bubukas ang pangkontrol na pihitan. Sisingaw ang gas sa nozzle patungo sa pinakamababang dulo ng apoy, tinatakpan o sinusuklaban ang nasusunog na bagay.

d. Pagkatapos na mapatay ang apoy, paluwagan ang pagkakahawak ng hawakan upang ihinto ang pagpapalabas ng gas.






## 5. Foam na Uri ng mga Extinguisher (gas-cartirdge/stored-pressure)

Gamit: Sa mga apoy kaugnay ang mga nagliliyab na mga likido.

Huwag na huwag: Sa apoy kaugnay ang kuryente


Pamamaraan ng paggamit:

a. Dalhin ang fire extinguisher sa pinanggagalingan ng apoy o pinakababang dulo ng apoy at manatili sa ligtas na layo.

b. Hilain ang safety pin ng hawakan para simulan ang pagpapabuga, at itutok ang dulo ng nozzle sa nasusunog na bagay.

c. Pisilin ang hawakan para simulan ang pagpapabuga. Para sa gas cartridge na uri ng mga extinguisher, ang lalagyan ng gas ay bubutasan ng striker. Pagkatapos ay sisingaw ang carbon dioxide, at sabay na bubukas ang pangkontrol na pihitan. Para sa mga stored-pressure na uri ng mga extinguisher, bubukas din ang pangkontrol na pihitan. Sa parehong kaso, ang solusyon ng foam na nakalagay sa tangke ay awtomatikong maibubuga sa pamamagitan ng nozzle. Ayusin ang nozzle upang maitutok ang foam sa panloob na gilid na lalagyan hanggang ang foam a dumaloy sa kabuuan ng umaapoy na likido at sa kalaonan ay suklaban ito nito.

d. Pagkatapos na mapatay ang apoy, paluwagan pagkakahawak ng hawakan upang ihinto ang pagpapalabas ng foam.





## 6. Kumot na Pamatay ng Apoy

Gamit: Sa mga apoy kaugnay ng mga nagliliyab na mga likido, tulad ng mga maliliit na apoy sa kusina at laboratoryo.

Pamamaraan ng paggamit: Ilabas ang kumot sa lalagyan at ikumot ito sa apoy upang alisin ang hangin dito. Patayin ang pinanggagalingan ng init at hayaan ang kumot sa posisyong ito hanggang sa lumamig ang nasusunog na bagay.



## Planong pangkagipitan



- Maghanda kasama ang iyong pamilya ng isang detalyadong daanan ng pagtakas sa panganib sa oras na may sunog, at mag-ayos ng isang lugar ng tagpuan. Ang pinakamapanganib na panahon ay ang gabi kapag natutulog ang pamilya. Bago pa man, magplano na ng alternatibong daan o mga ruta sa pagtakas, at maging handa sa mabilis na paglikas. Dapat ay maging aktibo ka sa pagsali sa mga usapin sa pag-iwas sa sunog at mga pag-eensayo sa pag-iingat sa sunog na pinamahalaan ng Fire Services Department o ng opisina ng tagapamahala ng iyong opisina
- Gumawa ng mga espesyal na pagsasaayos sa may-sakit, ang may-kapansanan at ang bata, na hindi makakatakas nang sarili lamang.
- Magsagawa ng mga pag-eensayo sa pag-iingat sa sunog kapag gabi at gumawa ng pinakamakatotohanang plano.
- Sa iyong paglabas ng gusali, isara ang anumang mga pintuan na iyong madaraanan sa daanan ng pagtakas. Ito ay makakapaglimita sa pagkalat ng usok at sunog mula at makapagpapabawas ng mga ibinungang pinsala.
- Idayal ang 999 at tumawag ng mabilis sa Fire Services Department sa panahon na may sunog.
- Ang mahusay na pangangalaga ng bahay ay isang napakahalagang kakailanganin para sa pag-iingat sa sunog. Kung, sa kasawiamng-palad, kailangan mong harapin ang sunog, harapin ito nang kalmado.

## Para sa sunog na sumasangkot sa mga Taba o Mantika



- Huwag gumamit ng direktang tubig sa nasusunog na mga taba o mantika.
- Huwag buhatin ang isang kawali ng nasusunog na mga taba.
- Upang mapatay ang isang sunog na sumasangkot sa mga taba o mantika sa isang kawali, patayin ang nagtutustos ng gas at takpan ang kawali ng isang takip o isang plato. Kung ang damit, nilulutong taba o iba pang likidong mabilis magliyab ay nasusunog, ang mga kumot pansunog ay kailangang gamitin upang mapigil ang sunog. Ang mga pansunog na kumot ay kinakailangang itago sa mga sisidlang metal na cylinder na nakapirmi sa dingding.
- Gagamitin lamang ang tubig sa paligid kung kumalat na ang sunog.

## Para sa isang Sunog sa Kagamitang De-kuryente

### Dapat Gawin

Patayin ang daloy ng kuryente sa mga punong nagtutustos ng kuryente o tanggalin sa pagkakasaksak ang mga kasangkot na mga aparato.

### Hindi Dapat Gawin

Gumamit ng tubig sa buhay na kagamitang de-kuryente.

### Gumamit Lamang ng

Tuyong pulbos o extinguisher na carbon dioxide para sa mga sunog na nagsasangkot ng kagamitang de-kuryente ngunit dapat ding alalahanin na i-off ang daloy ng kuryente.

## Ano ang dapat gawin kapag ang iyong Kasuotan ang Nakakuha ng Apoy



- Kung ang iyong kasuotan ang nakakuha ng apoy, humiga agad – upang maiwasan ang paglakbay paakyat sa iyong mukha – at pagkatapos ay gumulong sa sahig....'Dumapa at Gumulong'
- Mas makabubuti kung babalutin ang sarili sa anumang kayong tela (hal. isang kumot, carpet, jacket, kurtina, robe, tuwalya, bp.) habang gumugulong sa sahig. Ngunit huwag patagalin ang paghiga dahil sa paghanap ng mga bagay na ito
- Kung ikaw ay nasa paligid lang kapag nasunog ang kasuotan ng isang tao, sabihin mo sa kanyang humiga agad. Pagkatapos ay humablot ng isang basahan, banig, carpet, atbp. at ibalot sa kanya. Pag-ingatang madilaan ng apoy ang iyong kasuotan.

## Itinatakdang Pangangailangan

Isang paglabag ang pag-iwan ng anumang artikulo o bagay na makasasagabal sa paraan ng pagtakas o ikandado ang daanan sa pagtakas. Ang naturang paglabag ay maaring magbunga ng direktang pagsasakdal nang walang paunang babala.

Ang sinumang salarin sa naturang paglabag ay mananagot ng isang pagmumulta ng $100,000 sa unang hatol, multang $200,000 at pagkabilanggo ng isang taon sa kasunod na hatol; at, sa anupamang kaso, sa isa pang higit na pagmumulta ng $20,000 sa bawat araw ng pagpapatuloy ng paglabag.

(isasakatuparan mula1.1.2004 )